

KIAN Kumusta Kawasaki



KAWASAKI INTERNATIONAL ASSOCIATION NEWS

Inilathala sa wikang: Ingles, Intsik, Koryano, Espanyol, Portugal, Tagalog at Madaling Nihonggo
Matatagpuan ang isyu na ito sa HP (<http://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>).

2010 Asian Fiesta

Pagtitipon-tipon ng iba't ibang pagkain at mga gamit ng iba't-ibang bansa, ang [Kawasaki Asian Festa 2010] ay tatanghalin. Sa Cinecitta, Kawashin Fureai Hiroba, Ginza gai ay [turo-turo ng Asia] Betnam, Thai, Indo, Korya Intsik at Okinawa ay maglalabas ng kani-kanilang produkto at lutong pagkain. May iba pang attractions gaya ng IC tiket at IC cellphone na tinatawag na Touch Rally, Yakiniku Festa kung saan pwedeng gamitin ang tiket pang-diskwento sa 22 restoran, matatagpuan din ang iba't ibang ibento ng pagtitinda ng produkto sa LeFront at Lazona Kawasaki.

Kailan: Abril 17 (Sabado) • Abril 18 (Linggo)

Saan: Istasyon ng Kawasaki

Telepono: (keisai Rodo Kyoku Syogyo Kanko ka) 044-200-2356 Fax: 044-200-3920

Pag-iingat sa oras ng Lindol

Madalas ang Lindol sa bansang hapon. Kapag nagkaroon ng lindol, importanteng malaman ang mga dapat gawin.



- Kapag nakaramdam ng pag-yuga, maging mahinahon at pumunta sa ligtas na lugar.
- Ilagay ang sarili sa lugar na ligtas sa mga bagay na babagsak sa ulo gaya ng ilalim ng mesa .
- Buksan ang bintana o pintuan na pwedeng labasan kung kinakailangan.
- Maaaring mabagsakan ng mga gamit sa bahay at masugatan o di kaya'y makulong sa loob. Mangyaring maglagay ng tornilyo upang pigilan sa pagtumba ang mga aparador. Iwasang maglagay ng mahuhulog na bagay sa itaas.
- Patayin kaagad ang apoy. Kadalasan sa lindol, marami ang namamatay dahil sa sunog. Maghanda ng Fire Extinguisher o pamatay ng apoy.
- Sa bawat tahanan, laging maghanda ng pagkaing pang-tatlong araw.



- Sa Siyudad ng Kawasaki, ang (Sonaeru. Kawasaki) na magasin tungkol sa lindol ay ipinamimigay sa mga tanggapng pang-distrito. Sa HP naman ng Siyudad ng Kawasaki (Bosai Portal Site) ay may 6 na nakasalin-wika. tungkol sa pag-iingat sa oras ng lindol. (Ingles, Intsik, Korya, Portugis, Kastila at Tagalog) <http://www.city.kawasaki.jp/16/16kiki/home/sonaeru/sonaeru-top.htm>


Ihanda ang mga sumusunod na gamit pang-emerhensiya sa oras ng Lindol

Pag usapang mabuti sa inyong pamilya ang tungkol sa lindol, saan ilagay ang mga imortanteng gamit.

1	Plaslait	6	Toilet paper	11	Kairo na disposable	16	Tubig (inumina)
2	Pagkain	7	Baterya	12	Portable burner	17	Palara
3	Plastik wrap	8	Wet tissue	13	Damit panloob	18	Platong papel
4	Supot na plastik	9	Guwantes	14	Gamot	19	Pasador
5	Maliit na radyo	10	Barya	15	Basong papel	20	Sumbrero

**LIBRENG PAGPAPAYO PARA SA MGA DAYUHAN
SA KAWASAKI INTERNATIONAL ASSOCIATION**

Iskedyul ng Konsultasyon 『10:00 ~ 12:00 13:00 ~ 16:00』
 Tagalog Martes at Miyerkoles Tinatanggap din ang konsultasyon sa
 Espanyol Martes at Miyerkoles wikang hapon
 Koryano Martes at Huwebes *Libreng Konsultasyon sa Gyouseishoshi
 Ingles Lunes ~ Sabado Abril 18th, 2010
 Intsik Martes, Miyerkoles at Biyernes 2F Kawasaki International Center
 Portugis Martes at Biyernes



Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki 044-435-7000

Kawasaki Ward office (Libreng konsultasyon)

Asao Ward office (Libreng konsultasyon)


wika	araw	oras
Ingles	1, 3 Huwebes	9:30~12:00
Intsik	1, 3 Martes	9:30~12:00
Tagalog	1, 3 Miyerkoles	14:00~16:30

wika	araw	oras
Ingles	1, 3 Huwebes	14:00~16:30
Intsik	1, 3 Martes	14:00~16:30
Tagalog	1, 3 Miyerkoles	9:30~12:00

Mag-aral ng masaya at kapaki-pakinabang na Nihonggo

Ang liksiyon ay gagawin sa pang-maliitang grupo, hindi lamang wikang hapon ang pag-aaralan kundi kaugalian at kultura ng hapon.

- kursong pang-umaga**
- I Semestre Abril 27(Martes)~Hulyo 13(Martes) (22 liksiyon)
 - II Semestre Sept. 17 (Biyernes)~Disyembre 3(Biyernes)(22 liksiyon)
 - III Semestre Enero. 11 (Biyernes)~Marso 11 (Biyernes)(17 liksiyon)



May paalagaan para sa bata (1 taon gulang pataas, libre)

- kursong pang-gabi**
- I Semestre Abril 14~Hulyo 14 (12 liksiyon)
 - II Semestre Sept. 1~Disyembre 15 (15 liksiyon)
 - III Semestre Enero 12~Marso 9 (9 liksiyon ☐)



Walang paalagaan para sa pang-gabing kurso.

- mga marunongbumasa at sumulat ng hiragana at katakana, may level check ,
- Ang mga baguhan ay gagamit ng librong gawa ng mga boluntaryong guro{Nihonggo 160 oras 1&2}sa halagang 1,200 yen bawat aklat bukod ang bayad sa matrikula.
- Ang bayad nang matrikula ay hindi na ma-re-refund..



Pag-aaplay ng pabahay Seminar para sa pagsusulat ng aplikasyon

Ano: Seminar tungkol sa pagsusulat ng application form para sa pag-aaplay ng pabahay ng gobyerno.

Kailan: ika-30 ng Mayo (Linggo) 1:30 hanggang 4:00

Saan: Kawasaki International Center (Keikyu Toyoko Line • Meguro Line Motosumiyoshi 12minuto lakad)

Mga dapat dalhin: Papel na makakapagpatunay ng sahod ng nakaraang taon (gensen choushusho atbpa.)

Bilang: 20 katao (tumawag para sa pagpapareserba hanggang ika-18 ng Mayo)**Telepono:** 044-435-7000

Mag-donate ng katutubong damit

Ang Kawasaki International Association ay nagpupunta sa iba't ibang eskwelahan para sa edukasyon ng global understanding, dahil sa layuning ito, nagpapahiram din ng katutubong damit ng dayuhan. Halimbawang meron kayong mga hindi na kailangang damit at mga instrumentong banyaga, mangyaring ipahingi o i-donate sa sentro. Tawagan si Gng. Kojima para sa detalye.

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

〒211-0033 Kawasaki International Center 2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/